

**BUOD NG ABISO SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY NG PHELPS HEALTH,
PHELPS HEALTH MEDICAL GROUP, AT PHELPS HEALTH HOMECARE
(na tatawagin bilang “PHELPS HEALTH” sa pangkalahatan)**

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO PUWEDENG GAMITIN AT IHAYAG ANG MEDIKAL NA
IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO, AT KUNG PAANO MO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO.
PAKIBASA ITO NANG MABUTI.**

Ibinuod ng Phelps Health ang nakalakip na Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy (“Abiso”) sa unang pahinang ito. Para sa kumpletong paglalarawan ng iyong mga karapatan at ng aming mga responsibilidad kaugnay ng iyong medikal na impormasyon, pakibasa nang buo ang Abisong ito.

Ang Iyong Mga Karapatan

Kasama sa mga karapatan mong nauugnay sa iyong medikal na impormasyon ang:

- Karapatang humiling ng mga paghihigpit sa paraan ng paggamit at paghahayag namin sa iyong medikal na impormasyon;
- Karapatang hilingin kung paano mo matatanggap ang iyong medikal na impormasyon mula sa amin;
- Karapatang suriin ang iyong medikal na impormasyon at makatanggap ng mga kopya nito;
- Karapatang hilingin na susugan namin ang iyong medikal na impormasyon;
- Karapatang malaman kung paano namin inihayag ang iyong medikal na impormasyon;
- Karapatang maabisuhan kung apektado ka ng isang paglabag sa iyong hindi secure na medikal na impormasyon; at,
- Karapatang mag-opt out sa pagsasama ng iyong medikal na impormasyon sa palitan ng impormasyong pangkalusugan.

Hindi namin gagamitin o ihahayag ang iyong medikal na impormasyon nang walang pahintulot mo, maliban na lang kung iba ang inilalarawan sa Abisong ito.

Ang Kinakailangan Naming Gawin

Responsibilidad naming:

- Protektahan ang iyong medikal na impormasyon;
- Ibigay sa iyo ang Abisong ito; at,
- Sundin ang mga tuntunin ng Abisong ito.

Puwede naming baguhin ang aming mga kasanayan sa privacy na inilalarawan sa Abisong ito. Kung mapagpapasyahan naming baguhin ang mga ito, susugan namin ang Abisong ito, ipapaskil namin ito sa aming mga pasilidad, at ipo-post namin ito sa aming website sa www.phelpshealth.org. Kung mayroon kang anumang tanong at/o kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Privacy Officer sa (573) 458-7613.

* * * * *

PAGKUMPIRMA SA PAGKATANGGAP NG ABISO SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY NG PHELPS HEALTH

Kinukumpirma kong natanggap ko ang Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy ng Phelps Health.

Pasyente o legal na kinatawan: _____

Kaugnayan (kung hindi ang pasyente): _____

Petsa: _____

- Ayaw ng pasyente/walang kakayahan ang pasyente na lagdaan ang kumpirmasyon.

Dahilan: _____

Mga Inisyal ng Tauhan: _____ Petsa: _____

ABISO SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO PUWEDENG GAMITIN AT IHAYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO, AT KUNG PAANO KA PUWEDENG MAGKAROON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.
PAKIBASA ITO NANG MABUTI.**

**NALALAPAT ANG ABISONG ITO SA PHELPS HEALTH, PHELPS HEALTH MEDICAL GROUP,
AT PHELPS HEALTH HOMECARE (na tatawagin bilang “PHELPS HEALTH” sa pangkalahatan)**

Layunin ng Phelps Health na protektahan ang privacy ng pasyente, at nauunawaan nito ang kahalagahan ng pag-iingat sa iyong medikal na impormasyon. Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy ng iyong medikal na impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan (na tinatawag na “Pinoprotektahang Impormasyong Pangkalusugan” o “PHI”) at ibigay sa iyo ang Abisong ito, na nagpapaliwanag sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy, at sa iyong mga karapatan kaugnay ng PHI. Inaatasan kaming sumunod sa mga tuntunin ng Abisong ito na ipinapatupad sa kasalukuyan. May karapatan kaming baguhin ang mga kasanayan sa privacy na inilalarawan sa Abisong ito, at gawing epektibo ang mga bagong kasanayan para sa lahat ng PHI na pinapanatili namin. Kung mapagpapasyahan naming gumawa ng ganoong pagbabago, sususugan namin ang Abisong ito, ipapaskil namin ito sa aming mga pasilidad, at ipo-post namin ito sa aming website sa www.phelpshealth.org.

Mga Paggamit at Paghahayag ng PHI na Puwedeng Gawin Nang Walang Pahintulot Mo:

Para sa Paggamot: Puwede naming gamitin at ihayag ang iyong PHI para maibigay, maisaayos, o mapamahalaan ang iyong paggamot. Halimbawa, puwede naming gamitin ang iyong PHI para mabigyan ka ng medikal na paggamot o mga serbisyo, at puwede naming ibahagi ang iyong PHI sa mga doktor, nurse, technician, mag-aaral sa mga programa ng pagsasanay para sa pangangalagang pangkalusugan, o iba pang tauhang kasama sa nag-aalaga sa iyo.

Para sa Pagbabayad: Puwede naming gamitin at ihayag ang iyong PHI para sa mga layunin ng pagbabayad. Halimbawa, puwede naming ibahagi ang iyong PHI sa iyong kumpanya ng insurance para makuha namin ang bayad sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay namin sa iyo. Puwede rin naming sabihin sa iyong insurer ng kalusugan ang tungkol sa isang paggamot na inirekomenda ng iyong doktor para makakuha ng paunang pag-apruba, nang sa gayon ay matukoy kung masasagot ba ng iyong plano ang gastusin sa paggamot.

Para sa Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan: Puwede naming gamitin at ihayag ang iyong PHI para sa mga layunin ng mga operasyon ng aming negosyo. Kinakailangan ang mga paggamit at paghahayag na ito ng negosyo para matiyak na makakatanggap ang aming mga pasyente ng de-kalidad na pangangalaga at sulit na serbisyo. Halimbawa, puwede naming gamitin ang PHI para masuri ang kalidad ng aming paggamot at mga serbisyo, at matasa ang pagganap ng aming mga tauhan, nakakontraatang empleyado, at mag-aaral sa pag-aalaga sa iyo.

Iniaatas ng Batas: Puwede naming gamitin o ihayag ang iyong PHI kung iniaatas ng batas ng pederal, estado, o lokal ang naturang paggamit o paghahayag.

Iniaatas ng Kalihim ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao: Puwede kaming atasang ihayag ang iyong PHI sa Kalihim ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao para masiyasat at matukoy ang pagsunod namin sa mga kinakailangan ng huling panuntunan ng Mga Pamantayan para sa Privacy ng Impormasyong Pangkalusugan na Nagbibigay ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal.

Pampublikong Kalusugan: Puwede naming ihayag ang iyong PHI para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan, gaya ng mga paghahayag sa isang awtoridad sa pampublikong kalusugan o iba pang ahensya ng pamahalaan na pinapahintulutan ng batas na mangolekta at tumanggap sa impormasyon (hal., Pangasiwaan para sa Pagkain at Gamot).

Pagsubaybay ng Kalusugan: Puwede naming ihayag ang PHI sa isang ahensya sa pagsubaybay ng kalusugan para sa mga aktibidad na awtorisado ng batas, gaya ng mga pag-audit, imbestigasyon, at inspeksyon. Kasama sa mga ahensya ng pagsubaybay ang mga ahensya ng pamahalaan na sumusubaybay sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng benepisyo mula sa pamahalaan, iba pang pampangasiwaang programa, at batas sa karapatang sibil.

Pang-aabuso o Kapabayaang: Kung naging biktima ka na ng pang-aabuso, kapabayaang, o karahasan sa tahanan, puwede naming ihayag ang iyong PHI sa isang ahensya ng pamahalaang awtorisadong makatanggap ng ganoong impormasyon. Bukod pa rito, puwede naming ihayag ang iyong PHI sa isang awtoridad sa pampublikong pangkalusugan na pinapahintulutan ng batas na tumanggap ng mga ulat ng pang-aabuso ng bata o kapabayaang.

Mga Panghukuman at Pang-administratibong Paglilitis: Puwede naming ihayag ang iyong PHI bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman o pang-administratibong tribunal (hanggang sa sukdulang hayagang pinapahintulutan ang naturang paghahayag) at, sa ilang partikular na kundisyon, bilang tugon sa isang subpoena, kahilingan para sa discovery, o iba pang legal na proseso.

Tagapagpatupad ng Batas: Puwede naming ihayag ang iyong PHI, basta't natutugunan ang mga naaangkop na legal na kinakailangan, para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas gaya ng pagbibigay ng impormasyon sa pulisya tungkol sa biktima ng isang krimen.

Mga Coroner at Direktor ng Punerarya: Puwede naming ihayag ang iyong PHI sa isang coroner, medikal na tagasuri, o direktor ng punerarya kung kinakailangan para maisagawa nila ang kanilang mga legal na awtorisadong tungkulin.

Pag-donate ng Organ: Kung isa kang donor ng organ, puwede naming ihayag ang iyong PHI sa mga organisasyon para sa pag-procure ng organ kung kinakailangan para mapadali ang pag-donate o pag-transplant ng organ.

Pananaliksik: Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, puwede naming ihayag ang iyong PHI sa mga mananaliksik kapag ang kanilang pananaliksik ay naaprubahan ng isang institusyonal na lupon ng pagsusuri na sumuri sa proposal ng pananaliksik at mga itinakdang protokol para matiyak ang privacy ng iyong PHI.

Matinding Banta sa Kalusugan o Kaligtasan: Puwede naming ihayag ang iyong PHI kung sa palagay namin ay kinakailangan ito para maiwasan ang isang matindi o nakaambang panganib sa pampublikong kalusugan o kaligtasan, at kung sa isang taong pinapaniwalaan naming makakapigil o makakabawas sa panganib na iyon ito ihahayag.

Mga Espesyal na Tungkulin ng Pamahalaan: Kapag nalalapat ang mga naaangkop na kundisyon, puwede naming ihayag ang PHI para sa mga layuning nauugnay sa mga alalahanin sa militar o seguridad ng bansa, gaya ng para matukoy ng Departamento para sa Mga Ugnayan ng Beterano kung kwalipikado ka para sa mga benepisyo.

Mga Aktibidad Kaugnay ng Seguridad ng Bansa at Intelligence: Puwede naming ihayag ang iyong PHI sa mga awtorisadong opisyal ng pederal para sa intelligence, counterintelligence, proteksyon ng Pangulo, iba pang awtorisado, o pinuno ng estado sa ibang bansa para sa mga layunin ng pagtukoy ng sarili mong clearance sa seguridad, at iba pang aktibidad sa seguridad ng bansa na pinapahintulutan ng batas.

Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa: Puwede naming ihayag ang iyong PHI, kung kinakailangan, bilang pagsunod sa mga batas sa bayad-pinsala sa mga manggagawa at iba pang katulad na programa.

Mga Bilanggo: Puwede naming gamitin o ihayag ang iyong PHI kung isa kang bilanggo ng koreksyonal na pasilidad at ginawa o natanggap namin ang iyong PHI habang nagbibigay kami ng pangangalaga sa iyo.

Mga Associate sa Negosyo: Puwede naming ihayag ang iyong PHI sa mga taong nagsasagawa ng mga tungkulin, aktibidad, o serbisyo para sa amin o sa aming ngalan, at kung saan kailangang gamitin o ihayag ang PHI. Para maprotektahan ang iyong impormasyong pangkalusugan, inaatasan namin ang mga associate namin sa negosyo na ingatan ang iyong impormasyon sa naaangkop na paraan.

Mga Paggamit at Paghahayag ng PHI na Puwedeng Gawin Nang May Pagsang-ayon Mo o na Puwede Mong Tutulan:

Mga Kapamilya at Kaibigan: Maliban na lang kung tututol ka, puwede naming ihayag sa iyong kapamilya, kamag-anak, kaibigan, o iba pang taong tutukuyin mo, nang pasalita o pasulat, ang iyong PHI na direktang may kinalaman sa kaugnayan ng taong iyon sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka makakasang-ayon o makakatutol sa nasabing paghahayag, puwede naming ihayag ang naturang impormasyon, kung kinakailangan, kung matutukoy naming makakabuti ito sa iyo batay sa aming propesyonal na pagpapasya. Puwede naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para makapag-abiso o makatulong sa pag-abiso ng kapamilya, personal na kinatawan, o iba pang taong responsable sa iyong pangangalaga, lokasyon, o pangkalahatang kundisyon.

Direktoryo ng Ospital: Kapag na-admit ka sa isang ospital bilang outpatient o inpatient, puwede kaming maglista ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyo, gaya ng iyong pangalan, lokasyon mo sa ospital, pangkalahatang paglalarawan ng iyong kundisyon (hal., mabuti, stable, kritikal, atbp.), at iyong kinabibilangang relihiyon, sa direktoryo ng isang ospital. May karapatan kang hilinging huwag isama ang iyong pangalan sa direktoryo. Kung hihilingin mong mag-opt out sa direktoryo, hindi namin puwedeng ipaalam sa mga bisita ang tungkol sa iyong presensya, lokasyon, o pangkalahatang kundisyon.

Mga Paggamit at Paghahayag ng PHI na Nangangailangan ng Iyong Pahintulot:

Marketing: Dapat naming hingin ang iyong nakasulat na pahintulot para magamit at maihayag ang iyong PHI para sa karamihan ng mga layunin sa marketing.

Pagbebenta ng PHI: Dapat naming hingin ang iyong nakasulat na pahintulot para sa anumang paghahayag ng iyong PHI na maituturing na pagbebenta ng PHI.

Iba Pang Paggamit: Magagawa lang ang iba pang paggamit at paghahayag ng iyong PHI, na hindi inilarawan sa itaas, kapag may nakasulat na pahintulot mo (maliban na lang kung papahintulutan o iaatas ito ng batas). Puwede mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras, sa pamamagitan ng pagsulat, maliban na lang kung may ginawa na kaming pagkilos batay sa naturang pahintulot.

Ang Iyong Mga Karapatan Kaugnay ng Iyong PHI:

Mayroon kang ilang partikular na karapatan kaugnay ng iyong PHI, na ipinapaliwanag sa ibaba. Puwede mong gamitin ang mga karapatang ito sa pamamagitan ng paghahain ng kahilingan sa aming Privacy Officer sa pamamagitan ng pagsulat.

Karapatang I-access ang Iyong PHI: May karapatan kang siyasatin ang karamihan ng iyong PHI na nasa aming mga medikal na talaan at talaan ng pagsingil, at humingi ng aktwal o electronic na kopya nito. Nagbibigay kami, kadalasan, ng kopya o buod ng iyong PHI sa loob ng 30 araw pagkatapos ng iyong kahilingan. Puwede ka naming singilin ng maliit na halaga para sa bawat kokopyahing pahina at selyo kung naaangkop. May ilang partikular na sitwasyon kung saan puwede naming tanggihan ang kahilingan mong i-access ang iyong PHI.

Karapatang Humiling ng Mga Paghihigpit: May karapatan kang humiling ng ilang partikular na paghihigpit sa paggamit o paghahayag namin ng iyong PHI. Dapat isaad ng iyong kahilingan ang hinihiling na partikular na paghihigpit, at kung kanino mo gustong mailapat ang paghihigpit. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa isang paghihigpit na posible mong hilingin, maliban na lang kung ang hihilingin mo ay ang huwag ihayag ang iyong PHI sa iyong planong pangkalusugan kung ang paghahayag ay (i) para sa pagbabayad o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan at hindi iniaatas ng batas, at (ii) nauugnay sa isang item o serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan na binayaran mo nang buo mula sa sariling bulsa. Kung sasang-ayon kami sa hinihiling na paghihigpit, hindi namin puwedeng gamitin o ihayag ang iyong PHI nang labag sa paghihigpit na iyon maliban na lang kung kinakailangan para makapagbigay ng emergency na paggamot.

Karapatang Humiling ng Mga Kumpidensyal na Komunikasyon: May karapatan kang hilingin sa aming makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan o isang partikular na lokasyon. Pagbibigyan namin ang mga makatuwirang kahilingan. Puwede rin naming ikundisyon ang matutuluyang ito sa pamamagitan ng paghingi sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano papangasiwaan ang pagbabayad, o ng detalye ng isang alternatibong address o iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan.

Karapatan sa Pagsusog: Kung sa palagay mo ay mali o hindi kumpleto ang PHI na mayroon kami tungkol sa iyo, puwede mong hilingin sa aming susugan ang impormasyon sa aming mga medikal na talaan at talaan ng pagsingil. Puwede naming tanggihan ang iyong kahilingan kung, halimbawa, matutukoy naming tumpak at kumpleto ang PHI mo. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, magpapadala kami sa iyo ng nakasulat na paliwanag at hahayaan ka naming magsumite ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon. Kung tatanggapin namin ang iyong kahilingan na susugan ang nasabing impormasyon, magsasagawa kami ng mga makatuwirang hakbang para maipabatid sa iba, pati sa mga taong papangalanan mo, ang tungkol sa pagsusog, at para maisama ang mga pagbabago sa anumang paghahayag ng impormasyong iyon sa hinaharap.

Karapatan sa Accounting: Mayroon kang karapatang makatanggap ng accounting ng ilang partikular na paghahayag ng iyong PHI. Nakadepende ang karapatang matanggap ang impormasyong ito sa ilang partikular na pagbubukod, paghihigpit, at limitasyon. Dapat magsaad ang iyong kahilingan ng yugto ng panahon, na hindi puwedeng mas matagal sa 6 na taon. Puwede kang humiling ng mas maikling tagal ng panahon. Mayroon kang karapatan sa isang libreng kahilingan sa loob ng anumang 12 buwan, pero puwede ka naming singilin para sa anumang karagdagang kahilingan sa loob ng parehong 12 buwan. Aabisuhan ka namin tungkol sa anumang ganoong singil, at malaya kang bawiin o baguhin ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat bago singilin ang mga nasabing bayarin.

Karapatang Maabisuhan Tungkol sa Paglabag: May karapatan kang maabisuhan kung apektado ka ng paglabag sa hindi secure na PHI.

Karapatang Humingi ng Aktwal na Kopya ng Abiso: May karapatan kang humingi sa amin ng aktwal na kopya ng Abisong ito.

Karapatang Mag-opt Out sa Pagtanggap ng Mga Komunikasyon Tungkol sa Pangangalap ng Pondo. Puwede kaming makipag-ugnayan sa iyo para sa mga layunin sa pangangalap ng pondo. May karapatan kang mag-opt out sa pagtanggap ng mga komunikasyong ito mula sa amin.

Palitan ng Impormasyong Pangkalusugan

Nakikibahagi ang Phelps Health sa isa o higit pa sa mga palitan ng impormasyong pangkalusugan (“health information exchanges, HIE”). Nagbibigay-daan sa amin ang mga HIE na ibahagi ang iyong PHI sa, o na i-access ang iyong PHI mula sa, iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, at iba pang pinapahintulutang layunin. Layunin ng mga HIE na tulungan kami at ang iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na magbigay ng mas mabuti, mas mahusay, at may koordinasyong pangangalaga sa mga pasyente.

Maliban kung mag-o-opt out ka, magiging available ang iyong PHI sa iba pang awtorisadong provider ng pangangalagang pangkalusugan na nakikibahagi o may access sa mga HIE kung saan kami kasama. Para ma-access ng iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong PHI sa pamamagitan ng mga HIE, wala kang kailangang gawin. Sa pamamagitan ng pagbabasa sa Abisong ito at hindi pag-opt out, pinapahintulutan mong maging available ang PHI mo sa pamamagitan ng mga HIE (pati sa kalusugan ng pag-iisip, genetic na pagsusuri, paggamit ng droga/labisa na pag-inom ng alak, sakit na naipapasa

sa pamamagitan ng pakikipagtalik, pagsusuri/paggamot sa HIV/AIDS, mga talaan ng pagbubuntis at pagpapalaglag, o iba pang sensitibong impormasyon). Kung ayaw mong ibahagi ang iyong PHI sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga HIE, dapat kang mag-opt out.

Para makapag-opt out sa alinman sa mga HIE, o para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga HIE kung saan kami nakikibahagi sa kasalukuyan, makipag-ugnayan sa aming Privacy Officer.

Mga Reklamo:

Kung sa palagay mo ay nalabag namin ang iyong mga karapatan sa privacy, puwede kang maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng pag-abiso sa Privacy Officer. Puwede ka ring maghain ng reklamo sa Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. Hindi kami maghihiganti sa iyo, sa anumang paraan, kapag naghain ka ng reklamo.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, para magamit ang alinman sa mga karapatang inilalarawan sa Abisong ito, para sa higit pang impormasyon, o para makapaghain ng reklamo, makipag-ugnayan sa Privacy Officer sa 573-458-7613. O sa pamamagitan ng pagsulat sa: Phelps Health, Corporate Compliance and Privacy Officer; 1000 West 10th Street; Rolla, MO 65401.

Magkakaroon ng bisa ang Abisong ito sa 10/14/2020.